

Filipino sa Piling Larang Teknikal-Bokasyunal



**Filipino sa Piling Larang- Teknikal-Bokasyunal
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Unang Linggo: Deskripsyon ng Produkto
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Filipino sa Piling Larang: Teknikal Bokasyunal	
Manunulat:	Leo L. Cantillang, EdD
Editor:	Tommy R. Rico
Tagasuri:	Sheila C. Molina, Allan G. Salom, Amaflor C. Alde
Tagaguhit:	Ferdinand B. Jara
Tagalapat:	Jovanny L. Cornelia, DEM
Tagapamahala:	Wilfredo E. Cabral, PhD Jennifer F. Vivas, PhD Dennis M. Mendoza Jocelyn M. Aliñab, PhD Tommy R. Rico

**Inilimbag sa Pilipinas ng SDO-Caloocan
Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)**

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City, Philippines
Telefax: (632) 8929-0153
E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Filipino sa Piling Larang Teknikal- Bokasyunal

Ikalawang Markahan – Unang Linggo Deskripsyon ng Produkto

Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay kolaboratibong binuo at sinuri ng mga lupon ng mga edukador sa pampublikong paaralan. Hinihikayat na ang mga guro mag-aaral, at mga magulang na magbigay ng puna at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Lubos po naming pahahalagahan ang inyong puna at rekomendasyon.

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Deskripsyon ng Produkto!

Ang modyul na ito ay pinagtutulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambalikong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Deskripsyon ng Produkto.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka

rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat na makakatulong sa lubos na pagkatuto. Makakatulong ito upang mabatid ang kaligirang kaalaman sa teknikal na mga sulatin. Ang saklaw ng modyul na ito ay angkop sa iba't ibang pamamaraang pampagkatuto. Ang mga aralin ay nilapatan ng angkop na talasalitaan na magagamit sa pag-unawa sa nilalaman ng bawat teksto. Ang mga aralin ay nakadiseno batay sa sistematikong balangkas ng kurso.


Ang modyul ay may isang aralin:

- Aralin 1- Deskripsyon ng Produkto

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

Naililista ang mga katawagang teknikal kaugnay ng piniling anyo- Deskripsyon ng Produkto **(CS_FTV11/12PT-0g-i-94)**

1. Nakikilala ang kaligiran sa pagtatala ng mga katawagang teknikal kaugnay sa piniling anyo katulad ng deskripsyon ng produkto;
2. Nakabubuo ng makabuluhang pangungusap na may kaugnayan sa mga katawagang teknikal batay sa deskripsyon ng isang produkto;
3. Nakapagsasagawa ng isang pananaliksik hinggil sa paglalarawan ng mga katangiang ginagamit sa pagsulat ng deskripsyon ng produkto mula sa piling trabaho;
4. Naipapaliwanag ang paggamit ng deskripsyon ng produkto at paglalarawan sa mga katawagang teknikal nito;
5. Nakaguguhit ng mga angkop na ilustrasyon o disenyo ng isang produkto na may kaugnayan sa deskripsyon nito at mga gagamiting katawagang teknikal; at
6. Nakalilikha at/o nakasusulat ng isang *video presentation/ iskrip na naglalaman ng maayos na paglalarawan ng isang produkto gamit ang mga katawagang teknikal*



Subukin

Basahin ang mga tanong at piliin ang letra ng tamang sagot.

- _____ 1. Sa pagsulat ng deskripsyon ng produkto, alin sa sumusunod ang angkop na kinakailangang simulain?
 - A. paglalarawan ang manunulat
 - B. pagsasalaysay ang manunulat
 - C. pangangatwiran ang manunulat
 - D. mga kinakailangang datos ang manunulat

- _____ 2. Paano mapapanatili ang angkop na pagkakabuo ng pangungusap sa pagsulat ng deskripsyon ng produkto?
 - A. Maging payak
 - B. Gumamit ng kolokyal na salita
 - C. Isama ang mga Teknikal na salita
 - D. Bigyang pansin ang mga salitang naglalarawan sa isang produkto

- _____ 3. Sa nilalaman ng isang deskripsyon ng produkto, ano ang pangunahing tungkulin ng mga katawagang teknikal batay sa maayos na paglalarawan?
 - A. Maipabatid ang kaalaman sa mga mamimili.
 - B. Magbigay ng kaukulang pang-akit sa mamimili.
 - C. Mabigyan ng kaukulang kahulugan ang bawat salita.
 - D. Maayos na magamit ito sa paglalarawan ng isang produkto.

- _____ 4. Ano ang gamit ng ilustrasyon sa paglalarawan ng isang produkto?
 - A. Mapukaw ang interes ng mamimili.
 - B. Maipakita ang mga benepisyong produkto.
 - C. Maipakita ang orihinalidad nito sa karamiha
 - D. Maipakita ang kabuoang nilalaman ng produkto.

- _____ 5. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa kahalagahan ng deskripsyon ng isang produkto?
 - A. Masuri at makilatis ang isang produkto.
 - B. Maipakilala ang nilalaman at benepisyong nito.
 - C. Magbigay ng masining na paglalarawan sa mamimili.
 - D. Mabatid ang kahalagahan nito sa pansariling pangangailangan

- _____ 6. Bilang mamimili ng isang produkto, ano ang pangunahing impormasyon ang kinakailangan na mabatid?
 - A. nilalaman, kulay, at presyo
 - B. katangian, kulay, sukat, at benepisyong
 - C. nilalaman, presyo, at pinagmulang pagawaan
 - D. benepisyong, katangian, gamit o estilo, at presyo

- _____ 7. Ano ang pangunahing tungkulin ng isang produkto sa isang mamimili?
- Maipakilala ang orihinalidad nito batay sa pagkakabuo.
 - Maipakita ang kabuoang benepisyong nito sa pangkalahatan.
 - Matugunan ang mga impormasyon na nais maipabatid o maipakilala
 - Maipabatid sa mamimili ang angkop na produkto batay sa kanilang pangangailangan.
- _____ 8. Bakit kinakailangan ng masusing pananaliksik sa mga salita o terminolohiya sa pagbuo ng paglalarawan sa isang produkto?
- Upang makabuo ng isang masining at teknikal na paglalarawan
 - Upang maihanay ang mga ito sa kabuoang disenyo ng produkto
 - Upang mabilis na mahikayat ang mamimili sa nilalaman ng produkto
 - Upang maisaayos ang mga ito batay sa malinaw na pagpapakahulugan ng mga teknikal na salita
- _____ 9. Paano isusulat ang mga teknikal na salita sa pagbuo ng deskripsyon ng produkto?
- Isulat ito ng buo.
 - Isulat ito ng tuwiran.
 - Isulat ito na may kasamang kahulugan.
 - Isulat ito batay sa salin ng iba pang wika.
- _____ 10. Paano maiaangkop ang teknikal na mga salita sa pagkakabuo ng paglalarawan ng isang produkto
- Batay sa gamit
 - Batay sa halaga
 - Batay sa benepisyong
 - Batay sa kabuoan at nilalaman nito
- _____ 11. Sa pagsunod sa tamang tuntunin mula sa masinop na pagsulat sa ilalim ng paglalarawan ng isang bagay o produkto, ano ang kinakailangang tandaan?
- Isinusulat sa malaking titik ang ikalawang pangalan ng produkto, mga tatak o *brandnames*, at *trademarks*.
 - Isinusulat sa malaking titik ang ikalawang pangalan ng produkto, mga tatak o *brandnames*, at *trademarks*.
 - Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng produkto, mga tatak o *brandnames*, at *trademarks*.
 - Isinusulat sa maliit na titik ang simula ng mga pangalan ng produkto, mga tatak o *brandnames*, at *trademarks*.
- _____ 12. Ano ang kahalagahan ng maayos na paggamit ng teknikal na salita sa loob ng pangungusap sa pagbuo ng deskripsyon ng produkto?
- makatulong sa katangiang taglay ng produkto.
 - makabuo ng isang tuwirang pagpapakahulugan.
 - mabilis na maintindihan ng mamimili ang nais ilarawan ng produktong ibebenta.
 - makabuo nang maayos na paglalarawan mula sa hinihinging benepisyong ng produkto.

- _____ 13. Sino ang nararapat na pokus ng deskripsyon ng produkto upang makatugon sa kabuoang serbisyo nito?
- A. target na mamimili
 - B. manunulat
 - C. nilalaman ng produkto
 - D. teknikal na mga salita
- _____ 14. Anong salita ang maaaring magamit upang magkaroon ng orihinalidad ang kabuong katangian ng produkto?
- A. mas nakahihigit
 - B. mas nakaangat
 - C. mas kakaiba
 - D. mas nakakatawag-pansin
- _____ 15. Paano makukuha ang interes ng isang mamimili sa isang produkto?
- A. Dalhin ang mamimili sa likhang sining mula sa paglalarawan ng isang produkto.
 - B. Dalhin ang mamimili sa likhang panulat mula sa paglalarawan ng isang produkto.
 - C. Dalhin ang mamimili sa likhang produkto mula sa paglalarawan ng isang produkto.
 - D. Dalhin ang mamimili sa likhang imahinasyon mula sa paglalarawan ng isang produkto.

Aralin

1

Deskripsyon ng Produkto

Napakahalaga sa kasalukuyang panahon na higit na makilala at mabigyan ng angkop na katangian ang isang produkto bago ito lubusang maipakilala sa mga mamimili. Kaugnay nito, madalas na makikita ang deskripsyon ng isang produkto sa pabalat o di kaya'y sa mga patalastas o anunsyo na mula sa telebisyon, radyo at sa mga pahayagan. Inilalapit sa mga mamimili ang isang produkto na may makatotohanang pagkilala batay sa inaasahang pansariling kagustuhan. Sa makabagong lagay ng teknolohiya sa pagpapakilala sa alinmang produkto ay kinakailangan na maipabatid sa mamimili ang malinaw at madaling maunawaan sa pagkilala nito. Subalit kung ikaw ay isang mamimili, ano-ano ang mga hahanapin mo sa isang produkto bago mo ito bilhin? Malaking tulong ba na makilala mo muna ang katangian nito?



Balikan

Isulat sa nakalaang patlang ang letrang T kung TAMA ang isinasaad ng mga pahayag at M naman kung MALI.

- _____ 1. Naglalaman ang poster ng mas kakaunting teksto at mas nakatuon sa larawan o ibig iparating na mensahe sa biswal na paraan.
- _____ 2. Pinakamaikling uri ng *promotional material* ang *brochure* at may isa o dalawang impormasyon ang nakapaloob sa kabuoan nito.
- _____ 3. Ang mga uri ng *promotional material* ay ang mga *flyer* at *brochure*.
- _____ 4. Isa sa mga layunin ng pagsulat ng *flyer* ay makapagbigay ng malawak na pangangatwiran sa nilalaman na kinakailangan ng mga mamimimili.
- _____ 5. Isang katangian ng isang *flyer* o *leaflet* ay naglalaman ito ng mga impormasyon hinggil sa isang produkto o napiling serbisyo




Tuklasin

A. Pumili ng isa hanggang tatlong (3) taong kasama sa iyong bahay at itanong ang pinakahuling bagay na kanilang binili at ipalarawan sa kanila ang mga ito. Gamitin ang ilustrasyon sa ibaba sa pag-iisa-isa ng iyong sagot.

Taong kasama sa bahay	Biniling produkto	Paglalarawan sa produkto

B. Magtala ng mga impormasyong maaaring makita sa nilalaman ng isang deskripsyon ng produkto at ibigay ang mga dahilan kung bakit ito mahalaga. Isulat ito sa nakalaang ilustrasyon sa ibaba.





Suriin

Ang Deskripsyon ng Produkto

Sa pagkilala natin sa isang produkto na nais bilhin upang maging tugon sa personal na pangangailanagan, ito ay naglalaman ng sistematikong paglalarawan batay sa kabuoang serbisyo nito.

Sa kasanayan ng teknikal na pagsulat ng isang deskripsyon ng produkto ay mahalagang isa-isahin nang maayos ang mga tiyak na katangiang nais ilahad. Kaugnay nito, ang pagiging payak at makatotohanan ang magbibigay ng malinaw na pagkaunawa ng mamimili.

Sa istruktura ng paglalahad ay kalimitang binubuo ng tuwiran at detalyadong paglalarawan sa mga produktong inaasahan ng mga ibig bumili o nais gumamit nito.

Binubuo ang mga salita sa paglalarawan ng isang produkto mula sa pormal na pagkakagamit ng wika. Kalimitang makikita ang iba pang teknikal na salita kung ito ang pangangailangang deskripsyon ng bibilhing produkto.

Kahalagahan ng Deskripsyon ng Produkto


1. Upang maipabatid sa mamimili ang kaukulang impormasyon hinggil sa mga benipisyo, katangian, gamit o estilo, at presyo.
2. Pagpapakita sa mamimili ng angkop na produkto batay sa kanilang pangangailangan.
3. Pagpapataas sa kalakasan ng produkto sa larang ng kompetensiya sa merkado.

Paraan sa Paglilista ng mga Katawagan Teknikal na Ginagamit sa Pagsulat ng Deskripsyon ng isang Produkto

1. Magsaliksik ng mga salita o terminolohiya na aangkop sa maayos na gagawing paglalarawan sa isang produkto at humanap ng mga salitang makakaapekto sa kanilang pandama.
2. Isulat ng buo ang teknikal na salita sa paglalarawan at iwasan na isalin ito sa iba pang wika upang di magkaroon ng kalituhan ang mambabasa.
3. Iangkop ang teknikal na mga salita sa pagkakabuo ng paglalarawan sa isang produkto na naaayon sa nilalaman nito.

4. Sumunod sa tamang tuntunin mula sa masinop na pagsulat sa ilalim ng paglalarawan ng isang bagay o produkto.
5. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng produkto, mga tatak o *brandnames*, at trademarks.
6. Sistematikong isaayos ang mga teknikal na salita sa loob ng pangungusap upang mabilis na maintindihan ng mamimili ang nais ilarawan ng produktong ibebenta.


Halimbawa ng isang Deskripsyon ng Produkto



Pangalan ng Produkto

Deskripsyon ng Produkto na naglalaman ng sumusunod:

- ✓ Mga teknikal na salita
- ✓ Nilalaman ng produkto katulad ng benepisyo nito
- ✓ Orihinalidad na katangian



Pagyamanin

Gawain 1 Paglinang ng Talasalitaan

Para sa bilang 1-3: Batay sa larawan, isa-isahin ang mga teknikal na salita na nakapaloob sa produkto at bigyan ito ng kahulugan.



1. _____

Kahulugan:

2. _____

Kahulugan:

3. _____

Kahulugan:

Para sa bilang 4-5: Bakit mahalaga ang mga teknikal na salita sa pagbuo ng isang deskripsyon ng produkto?

Gawain 2 Panimulang Pananaliksik

Matapos mong mabasa ang kaligiran ng deskripsyon ng produkto at paraan ng pagtatala ng mga katawagang teknikal na nakapaloob dito, ikaw ay gagawa ng isang munting pananaliksik hinggil sa mga produktong nababasa

Maaari kang pumili sa sumusunod na produkto:

1. pagkain	6. appliances
2. sabon	7. gatas
3. shampoo	8. gadget
4. mga tinapay	9. gamot
5. lotion	10. kape

Mula sa napili, ilarawan ang mga katangiang ginagamit sa pagsulat ng deskripsyon ng produkto. Inaasahan na makapagtatala ka ng hindi bababa sa tatlong katangian.

Maaaring gumamit ka ng mga sanggunian na makikita sa *internet*.

Isulat sa malinis na papel ang mga katangiang ito at tiyaking isulat ang bibliyograpiya/sanggunian ng pinagkuhanan ng impormasyon.

RUBRIK (3 ang pinakamataas at 1 ang pinakamababa)

Pamantayan sa isang Mahusay na Deskripsyon ng Produkto	3	2	1
Nakapipili ng isang produkto ayon sa kagustuhan			
Nakapagsaliksik tungkol sa deskripsyon ng produkto na ginagamit sa pansariling pangangailanagan			
Nakapagtatala ng mga katangiang dapat isaalang-alang sa pagsulat ng isang deskripsyon ng produkto			
Kabuoan			

Gawain 3 Pag-unawa sa Paglinang na Kasanayan

1. Ano ang natutuhan mo sa ginawang pananaliksik?

2. Ano ang masasabi mo tungkol sa produktong napili hinggil sa pagsulat ng deskripsyon?

3. May epekto kaya ang deskripsyon ng produkto sa kabuoang nilalaman nito? Isa-isahin.

4. Sa iyong mga nasaliksik na pagbibigay ng maayos na deskripsyon ng produkto, masasabi mo bang naging epektibo ang paggamit nila ng mga katawagang teknikal? Ipaliwanag

5. Ano-ano ang mga kahinaan at kalakasang nakita mo sa pagsulat ng isang deskripsyon ng produkto?




Isaisip

Punan ang hinihinging impormasyon sa nakalaang patlang. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

maikli	target na mamimili	mas nakahihigit	maikling talata
benepisyo	gasgas na pahayag	imahinasyon	magkuwento
	kaakit-akit	teknikal na salita	

1. Sa pagsulat ng isang deskripsyon ng produkto ay kinakailangan na _____ lamang ito.
2. Kinakailangan na mailahad sa _____ang mga kinakailangang paglalarawan hinggil sa produkto.
3. Dapat malaman ang katangian ng _____ sapagkat sa pagsulat ng deskripsyon ng produkto, sila ang nararapat na mabilis na makatugon sa kabuoan ng serbisyo.
4. Bigyang target ang layuning manghikayat sa pamamagitan ng magagandang _____ mula sa iaalok na produkto sa mamimili.
5. Sa paraan ng pagsulat ng deskripsyon ng produkto ay iwasan ang _____.
6. Gumamit ng mga salitang _____ sa iba pang katunggaling produkto upang magkaroon ng orihinalidad ang kabuoang katangian ng produkto.
7. Dalhin ang mamimili sa likhang _____ mula sa paglalarawan ng isang produkto upang mabilis na makuha ang kanilang interes hinggil dito.

8. _____ tungkol sa pinagmulan at paano nabuo ang isang produkto.
9. Gumamit ng _____ na larawan na higit na makakatulong sa deskripsyon ng produkto.
10. Gamitin ang _____ na mga salita sa malinaw na paglalahad upang mabilis na maunawaan ng mamimili ang isang produkto.



Isagawa

Mula sa ilustrasyon sa ibaba, lumikha ng isang poster na naglalaman ng isang produkto batay sa inyong hilig o interes. Maaaring tunay o sariling likhang produkto. Iguhit ito na may kabuoang layunin na maakit ang mamimili na bumili ng iyong produkto. Sumulat ng maikling paglalarawan na ginagamitan ng mga katawagang teknikal.

Larawan ng nais na produkto:

Paglalarawan o deskripsyon ng produkto na ginagamitan ng mga katawagang teknikal:

Gabay na Tanong:

1. Bakit kailangang mabatid ng isang mamimili ang maayos na deskripsyon ng produkto? _____

2. Paano makatutulong ang mga katawagang teknikal na ginamit sa paglalarawan ng isang produkto? Ipaliwanag.



Tayahin

Para sa bilang 1-5: Basahin ang sumusunod na tanong at piliin ang letra ng tamang sagot.

- _____ 1. Ano ang kinakailangang nilalaman ng isang produkto upang higit na makilala ito bilang tugon sa personal na pangangailangan ng mamimili?
- A. Ito ay naglalaman ng mga larawan na may maayos na pagsasalaysay.
 - B. Ito ay naglalaman ng pagkakasunod-sunod na pamamaraan ng paggamit.
 - C. Ito ay naglalaman ng sistematikong paglalarawan batay sa kabuoang serbisyo nito.
 - D. Ito ay naglalaman ng iba't ibang teknikal na mga salita na madaling mabatid ng mambabasa mula sa produkto.
- _____ 2. Ano ang tungkulin ng kasanayang teknikal sa pagsulat ng isang deskripsyon ng isang produkto?
- A. Maayos na mailahad ang pangunahing layunin ng produkto
 - B. Mailapit ang kabuoang interes sa pag-unawa ng isang mamimili.
 - C. Isa-isahin nang maayos ang mga tiyak na katangiang nais ilahad.
 - D. Pagpapangkat batay sa antas ng kahulugan sa nilalaman ng isang produkto.
- _____ 3. Ano ang magiging bunga sa mamimili ng isang produkto kung ang pagiging payak at makatotohanan ang nilalaman ng isinulat na deskripsyon?
- A. Magbibigay ito ng mabilis na pamukaw interes.
 - B. Magbibigay ito ng malinaw na pagkaunawa sa mamimili.
 - C. Magkakaroon ito ng kalituhan sa kabuoan ng produkto.
 - D. Magbibigay ito ng pagkakataon na tumingin pa ang mamimili sa iba pang produkto.

- _____ 4. Batay sa istruktura ng paglalahad ng isang produkto, paano ito nabubuo?
- A. payak at detalyadong pagsasalaysay
 - B. tuwiran at detalyadong paglalarawan
 - C. tuwiran at sistematikong paglalahad
 - D. di-tuwiran at teknikal na paglalarawan
- _____ 5. Anong uri ng wika ang ginagamit sa pagsulat ng kabuoang deskripsyon ng produkto?
- A. Kolokyal
 - B. Payak
 - C. Tuwiran
 - D. Pormal

Para sa bilang 6-15: Punan ang hinihinging impormasyon sa bawat patlang. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

Pagpipilian sa bilang 6-10:

presyo gamit o estilo katangian
deskripsyon benepisyo

- _____ 6. Inaasahan ng isang mamimili batay sa pansariling pangangailangan.
- _____ 7. Kabuoang paglalarawan sa nilalaman ng isang produkto.
- _____ 8. Pamamaraan ng isang produkto na kaiba sa karamihan.
- _____ 9. Kaanyuan ng isang produkto na nagpapakilala sa gamit nito.
- _____ 10. Bahagi ng isang produkto na kinikilala ang kaukulang halaga nito na kinakailangang mabatid ng isang mamimili.

Pagpipilian sa bilang 11-15:

buo salita o terminolohiya maliit na titik
teknikal na salita malaking titik kabuoan at nilalaman

11. Magsaliksik ng mga _____ na aangkop sa maayos na gagawing paglalarawan sa isang produkto at humanap ng mga salitang makakaapekto sa kanilang pandama.
12. Isulat ng _____ ang teknikal na salita sa paglalarawan at iwasan na isalin ito sa iba pang wika upang di magkaroon ng kalituhan ang mambabasa.

13. Iangkop ang teknikal na mga salita sa pagkakabuo ng paglalarawan ng isang produkto na naaayon sa kabuoan at _____ nito.

14. Isinusulat sa _____ ang simula ng mga pangalan ng produkto, mga tatak o *brandnames*, at *trademarks*.

15. Sistematikong iayos ang mga _____ sa loob ng pangungusap upang mabilis na maintindihan ng mamimili ang nais ilarawan ng produktong ibebenta.



Karagdagang Gawain

Lumikha ng maikling *video* gamit ang iyong *cellphone* upang makabuo ng isang malikhaing patalastas. Gumamit ng mga likhang larawan na magpapakilala sa iyong produkto.

Tiyaking makikita ang maayos at malinaw na deskripsyon ng produkto at gamitan ng mga kaugnay na katawagang teknikal sa nilalaman nito. (Hindi hihigit sa limang (5) minuto ang presentasyon)

Panukatan sa pagbuo ng <i>Video</i> hinggil sa deskripsyon ng produkto gamit ang mga katawagang teknikal	
Angkop ang ilustrasyong ginamit batay sa nilalaman ng deskripsyon ng produkto	40%
Isinasaalang-alang ang paggamit ng katawagang teknikal sa paglalarawan ng produkto	40%
Malinaw at maayos ang presentasyon	20%
Kabuoan	100%

Para sa mag-aaral na walang *gadget* ay gumuhit ng isang produkto na makikita sa loob ng iyong bahay. Sumulat ng isang iskrip na naglalaman ng isang malikhaing patalastas na naglalahad nang maayos na deskripsyon ng isang produkto.

Panukatan sa pagbuo ng <i>Iskrip</i> na naglalaman ng isang Malikhaing Patalastas	
Angkop ang ilustrasyong iginuhit at ginamit batay sa nilalaman ng deskripsyon ng produkto	40%
Isinasaalang-alang ang paggamit ng katawagang teknikal sa paglalarawan ng produkto	40%
Malinaw at maayos ang pagsulat ng iskrip	20%
Kabuoan	100%



Susi sa Pagwawasto

Subukin I May Pagpipilian	Balikan
1. A	1. T
2. A	2. M
3. D	3. T
4. A	4. M
5. C	5. T
6. D	
7. D	
8. D	
9. A	
10. D	Iwawasto ang gawain
11. C	batay sa pamantayang
12. C	ibinigay
13. A	
14. A	
15. D	

<p>Isaisip:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. maikii 2. maikling talata 3. target na mamimili 4. benipisyo 5. gasgas na pahayag 6. mas nakahihigit 7. imahinasyon 8. magkuwento 9. kaakit-akit 10. teknikal na salita 	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. C 2. C 3. B 4. B 5. D 6. benipisyo 7. deskripsyon 8. gamit o estilo 9. katangian 10. Presyo 11. salita o terminolohiya 12. buo 13. nilalaman 14. malaking titik 15. teknikal na salita
--	---

Sanggunian

Cantillang, Leo L. 2019. **Filipino sa Pilipino Larang-TVL. Modyul Para sa Mag-aaral.** Calocan: Paaralang Sekundarya ng Maypajo.

Santos, Corazon L, PhD, et, al. 2016. **Filipino sa Piling Larang-Tech Voc.** Bureau of Curriculum Development. Department of Education.

Mula sa *Internet*

Deskripsyon ng Produkto. <https://www.slideshare.net/RochelleNato/deskripsiyon-ng-produkto>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph